

## Sarap at Hirap: Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker

Ariane Pauline V. Marasigan, Marie Stephanie E. Buenafe, Maegan P. Tiangson, at Marnelie M. Aguiguid  
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

### Abstrak

Ang desisyon ng mga Overseas Filipino Workers (OFW), partikular na ng mga Filipinong seaman at Filipinang household service worker (HSW), na mangibang-bansa ay isang uri ng pakikipagsapalaran dahil sa kawalang-katiyakan at peligrong maaaring naghihintay sa ibayong dagat. Dalawampung kalahok—sampung lalaking seaman at sampung babaeng HSW—ang nagbahagi ng mga kuwento ng kanilang karanasan ng pakikipagsapalaran sa pamamagitan ng mga semi-structured interbiyu. Gamit ang *narrative analysis*, sinuri ang mga tema mula sa kanilang karanasan at kung alin sa mga ito ang kanilang ibinabahagi bilang mga kuwento sa iba't ibang tagapakinig, partikular na sa mga kakilalang hindi seaman o HSW, kakilalang may balak maging seaman o HSW, kapwa seaman o HSW, at kapamilya. Nakita sa mga resulta ang pagkakatulad sa mga aspektong may patungkol sa kanilang layunin na mangibang-bansa upang kumita at sa kanilang pangungulila sa pamilya, habang matingkad naman ang pagkakaiba na may patungkol sa konteksto, ugnayan, at mga nararanasang sarap sa trabaho. Natuklasan din na pili lamang ang mga temang ibinabahagi sa mga partikular na tagapakinig dahil sa pagkakaiba-iba ng kanilang dahilan sa pagkuwento, dulot na lamang ng kanilang pangangailangang magbigay ng kaalaman tungkol sa kanilang propesyon, manghimok ng mga may balak mag-OFW, makakuha ng suporta mula sa kapwa OFW, at pagaanin ang loob ng mga mahal sa buhay.

### Abstract

The decision of Overseas Filipino Workers (OFW), particularly Filipino seaman and Filipina household service workers (HSW), to go abroad is a form of *pakikipagsapalaran* due to the uncertainties and risks waiting overseas. Twenty participants—ten male seaman and ten female household service workers—shared stories of their *pakikipagsapalaran* experiences through semi-structured interviews. Themes were derived using narrative analysis and the themes that were shared as stories to particular audiences such as non-OFWs, OFW aspirants, fellow seaman and HSW, and family were also identified. The results suggest that similarities in the positive and negative experiences of OFW are related to their goal of going overseas to earn and their homesickness, while there were salient differences in their experiences pertaining to the context, relations, and pleasurable experiences at work. It was also found that only select themes were shared to particular audiences due to the differences in reasons for storytelling brought about by their need to inform others about their profession, persuade OFW aspirants, gain social support from fellow OFWs, and reassure their loved ones.

## Introduksiyon

Kasabay sa pag-usbong ng globalisasyon at pagbabago ng panahon ay ang patuloy na pagtaas ng bilang ng mga Filipinong nakikipagsapalaran. Dahil sa suporta ng mga institusyon tulad ng gobyerno at ang impluwensiya nito sa aspirasyon ng mga mamamayang Filipino, binansagan na ang penomenang ito bilang “kultura ng migrasyon” sa Pilipinas (Asis, 2006). Buhat na lamang ng peligrong maaaring naghihintay sa ibang bansa (Williams & Balaz, 2012), ang pangigingbang-bansa upang kumita ng pera at pagbutihin ang estado ng buhay ay isang uri ng pakikipagsapalaran, o paghahanap ng suwerte (Hosoda, 2008).

Bagama’t marami nang pag-aaral tungkol sa kontribusyon sa ekonomiya (McKay, 2010; Siar, 2014; Tullao, 2006; Semyonov & Gorodzeisky, 2005), mga nararanasang abuso (Sancho-Liao, 1993; Palmes, 2013; Anderson, 2010), pamilya (Asis, 2002; Cortes, 2013), at pangkabuuang karanasan (Manzano, 2014; Fernandez & Krootjes, 2007; Aguilar, 1999) ng mga seaman at household service worker (HSW), mayroon pa ring pagkukulang sa pagsusuri sa kanilang mga karanasan bilang mga kuwentong ibinabahagi sa iba. Nilalayon ng kasalukuyang pag-aaral na tugunan ang kakulangan sa literatura sa pamamagitan ng pagtukoy at pagsuri sa mga aspekto ng karanasan ng mga seaman at HSW na bumubuo sa mga kuwentong pakikipagsapalaran na kanilang ibinabahagi sa iba’t ibang tagapakinig.

## Pangingibang-bansa Bilang Pakikipagsapalaran

Ang paghahanap ng magandang oportunidad sa ibayong dagat sa kabila ng kawalang-katiyakan ay sakop sa depinisyon ng salitang “pakikipagsapalaran.” Ang pakikipagsapalaran ay hango sa salitang “palad,” na isang simbolo para sa tadhana ng isang tao. Iniuugnay ang konsepto ng pakikipagsapalaran sa paghahanap ng suwerte, tulad na lamang ng inaasahang pag-angat ng estado sa buhay na kaakibat ng pangigingbang-bansa (Hosoda, 2008). Kaugnay nito, maaari ding makita ang pangigingbang-bansa bilang isang sugal, na ang pagiging madeskarte ay makapagpapabago ng kapalaran ng tao, at ang kaisipang ang mga napapahamak ay sadyang hindi lang mapalad (Aguilar, 1999). Ang paghahanap ng suwerte ng mga OFW ay iniugnay sa “muerte,” na nangangahulugang “kamatayan” sa Español, dahil sa kamalasang dinadatan ng ilang OFW sa ibang bansa (Palmes, 2013). Bagama’t maraming oportunidad ang naghihintay sa ibang bansa, kaakibat ng mga ito ang panganib ng diskriminasyon at abuso mula sa kanilang mga employer at katrabaho. Ang pakikipagsapalaran ay nakikita rin bilang tanging paraan upang tumaas ang antas ng buhay para sa mga taong naniniwalang walang mawawala sa kanila (Arnado, 2010).

Isang manipestasyon ng pakikipagsapalaran ang buong saklaw ng karanasan ng mga nangingibang-bansa o mga Overseas Filipino Workers (OFWs). Ang pinakaunang estadistika tungkol sa bilang ng mga OFW na naitala ay 36,035 noong 1975 (International Organization for Migration, 2013). Malipas ang halos apat na dekada, ang bilang na ito ay lumobo na sa halos 1.9 milyong OFW, na nagpapatunay sa pamamayani ng pangigingbang-bansa bilang aspirasyon ng manggagawang Filipino. Nangunguna na sa

## **Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker**

bilang ng mga OFW ang mga seaman at HSW; mahigit 21% ay mga seabased workers o seaman, at 30% ay HSW (Philippine Overseas Employment Administration, 2014). Dahil sa patuloy na pagtaas ng mga bilang na ito ay mainam na tuunan ng pansin ang karanasan ng mga seaman at HSW.

### **Karanasan ng mga Filipinong Seaman**

Ayon sa Republic Act 10022, ang mga seaman ay mga OFW na “may trabaho sa barkong naglalayag tungo sa ibayong dagat, maliban na lamang sa mga barko ng pamahalaan na mayroong layuning militar o layuning hindi komersiyal.” Mahigit 28% ng mga seaman sa buong mundo ay mga Filipino, ang pinakamalaking porsiyento ng nasyonalidad sa industriya ng maritime (Maritime Industry Authority, 2013).

Dahil sa internasyonal na kalikasan ng pagbabarko, karaniwang iba’t iba ang nasyonalidad ng mga seaman sa isang barko. Sa mga *multinational crews* na ito, may namamayaning hirarkiya at ang mga taga-Europa ang karaniwang mga “master” o senior officer ng barko habang ang mga hindi puti, kasama na ang mga Filipino, ay karaniwang mga junior officer at ratings (Amante, 2003). Ang hirarkiyang ito ay nakatutulong na panatilihin ang kaayusan sa barko, ngunit nagiging sanhi din ito ng marhinalisasyon at mababang tingin sa mga Filipino (McKay, 2007). Bukod dito, ang mga seaman ay humaharap din sa iba’t ibang hamon sa kanilang pisikal at emosyonal na kalagayan habang naglalayag. Madalas na nahihirapan ang katawan ng mga baguhan sa barko sa pag-angkop sa galaw ng dagat, at dumadagdag pa ito sa lungkot at pangungulila na nararanasan dahil sa limitadong espasyo at mga nakakasalamuha sa barko (Manzano, 2014). Ang pagiging kulong ng mga seaman sa barko ay nagdudulot din ng pangangailangan makibagay sa isang panibagong komunidad (Fernandez & Krootjes, 2007).

Bagama’t malaki ang kanilang kinikita, karaniwang hindi pa rin ito sapat para panatilihin ang kanilang pinansiyal na katayuan. Binansagan ang ilang mga seaman na mga “one day millionaire” dahil sa mabilis na kita at pagwaldas ng kanilang pera pagdating sa bansa (McKay, 2007). Ngunit, bukod sa pagbabarko para kumita ng pera para sa sarili, may mga pag-aaral na nagpapatunay na inilalaan ng seaman ang kanilang mga kinikitang pera para sa kanilang mga pamilya. Bagama’t nalalayo ang mga seaman mula sa kanilang mga pamilya, ang pagpapadala ng pera naman ang nagiging paraan upang maitaguyod ang kanilang mga gampanin bilang tagapagtustos sa pangangailangan ng pamilya (McKay, 2010).

### **Karanasan ng mga Filipinang HSW**

Ang mga HSW, mas kilala bilang “domestic helpers,” ay ang sinumang “may trabahong domestik sa mga pribadong paninirahan, kasama na ang pag-aalaga sa bata (International Labor Organization, 2013).” Kompara sa seaman ay mas maraming naisagawang mga pag-aaral tungkol sa migrasyon ng mga kababaihan, lalo na ng mga HSWs. Isang dahilan para rito ay ang pagbabago ng mga pangkasariang gampanin ng mga babae sa tahanan, at pagtaas ng bilang ng mga babaeng nangingibang-bansa upang

matugunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya (Cortes, 2013).

Matingkad sa literatura ng karanasan ng mga HSWs ang mga abusong dinaranas nila sa ibang bansa. Dahil sa kawalan ng kakayahan ng maraming kababaihan na makahanap ng trabahong may sapat na sahod para sa pangangailangan nila at ng kanilang pamilya, napipilitan silang “kumapit sa patalim” at magtrabaho sa ibayong dagat (Sancho-Liao, 2007). Dahil sa kalikasan ng trabaho ng HSWs, kung saan sila’y tumitira sa bahay ng kanilang pinagsisilbihang employer, sila’y madaling nagiging biktima ng pang-aabuso (Anderson, 2010). Dahil sa kawalan nila ng kapangyarihan sa tahanan ng kanilang employer at sa pangangailangan nilang makapagpadala ng pera sa pamilya ay napipilitan na lamang silang magdasal, umiyak, o kumausap ng kakilala (van der Ham et. al, 2015), o ‘di kaya’y baguhin ang damdamin at ang mga ekspresyon ng mga ito (Grandey, 2000) upang kayanin ang kanilang mga pinagdaraan.

Ang ilang mga pag-aaral tungkol sa HSWs ay nagbibigay-pansin sa kanilang magkaibang papel bilang alalay ng kanilang employer at “breadwinner” sa kanilang sariling tahanan (Lan, 2003; Bolante, 2014). Napag-aralan din na ang pangangailangan ng pamilya ay ang pangunahing motibo para sa pangigingbang-bansa ng mga babae, ngunit ang desisyon na umalis ay mula pa rin sa kanilang sariling pagkukusa (Asis, 2002). Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito na, bagama’t ang mga HSWs ay nalalagay sa alanganing posisyon sa ibang bansa, ang pangigingbang-bansa ay maaari pa ring makita bilang isang uri ng pagsasakapangyarihan ng kababaihan. Ang mga babaeng nangingibang-bansa ay nagpapakita ng kakayahang buhayin ang sariling pamilya at tuparin ang iba’t ibang mga gampanin bilang ina, asawa, anak, at kapatid habang nasa ibayong-dagat (Bolante, 2014).

### **Pangingibang-bansa Bilang mga Kuwento ng Pakikipagsapalaran**

Ang mga kuwento ay maaaring tingnan bilang interpretasyon ng tao tungkol sa kaniyang buhay, na ang kahulugan ng buhay ay nailalantad sa pamamagitan ng pagkukuwento (Widdershoven, 1993). Ayon kay Bruner (1987), may distinsiyon ang mga pangyayari sa buhay ng isang tao (*búhay bilang buháy*), ang mga kahulugan at kabuluhang ibinibigay sa mga pangyayaring ito batay sa kaniyang indibidwal na karanasan (*búhay na dinaranas*), at kung paano ito ibinabahagi sa mga partikular na konteksto at tagapakinig batay sa kumbensiyon ng kaniyang kultura, ang kaniyang mga tagapakinig, at ang kabuuang konteksto ng kaniyang lipunan (*búhay na ikinukuwento*). Sa konteksto ng mga nagawang saliksik tungkol sa mga seaman, ang mga kuwento ay maaaring magsilbing “tulay” sa mga karanasan ng mga seaman, na madalas na hindi nakakapanayam dahil sa kalikasan ng kanilang trabaho (Manzano, 2014). Sa kontesktong rin ng mga HSW ang mga kanilang mga kuwentong-buhay ay nagiging daan upang maging mas malalim pa ang pag-unawa sa kanilang mga indibidwal na karanasan (Asis, 2002).

Ang mga kuwento ay kadalasang inaayon ng mga nagbabahagi sa kaalaman at saloobin ng kanilang mga tagapakinig (Higgins, 1992). Kaugnay nito, mainam tuunan ng pansin ang iba’t ibang dahilan na nagtutulak sa kanila upang baguhin ang kanilang kuwento. Ang mga kuwento, bilang *word of mouth*, ay may iba’t ibang silbi, tulad na lamang ng pagpapanatili ng magandang impresyon sa sarili, pagpapagaan ng loob ng

## **Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker**

nagsasalaysay, pagkalap ng impormasyon, pakikihalubilo sa ibang tao, at sa panghihimok ng ibang tao (Berger, 2014). Sa konteksto ng mga nangingibang-bansa, ang kanilang mga kuwento tungkol sa kanilang mga karanasan ay maaari ring makatulong sa paghahanda o *anticipatory socialization* ng mga may balak ring mangibang-bansa (Fonner & Roloff, 2008).

Bagama't mayroon nang panimulang pag-aaral tungkol sa posibleng distinsiyon sa mga ikinukuwento ng mga nangingibang-bansa batay sa mga iba't ibang papel na kanilang ginagampanan sa pamilya at trabaho (Bolante, 2014; Lan, 2003; Lan, 2006), mayroon pa ring pagkukulang pagdating sa pagsusuri ng mga karanasan bilang mga kuwentong nagbabago ayon sa iba't ibang mga tagapakinig. Mahalaga ang pagsusuri sa pagbabago ng kuwento dahil ang mga naratibong impormasyon, tulad na lamang ng kuwento ng karanasan sa ibang bansa, ay may kapangyarihang patibayin ang mga desisyon ng iba, higit pa sa mga estadistika (Winterbottom, Bekker, Conner, & Mooney, 2008). Partikular na sa mga may balak mag-abroad o may karanasan sa ibang bansa, ang mga kuwentong naririnig ay may malaking impluwensiya sa desisyon na tumuloy sa desisyon na mangibang-bansa. Bukod sa mga grupong ito, nararapat ding suriin ang mga kuwentong ibinabahagi sa mga kakilalang madalas nakakasalamuha sapagkat bumubuo rin sila ng impresyon tungkol sa pakikipagsapalaran base sa mga kuwentong ibinabahagi sa kanila.

Ang pagsusuri sa karanasan ng mga seaman at HSW bilang mga kuwentong nagbabago ay makapagbibigay-pansin sa kanilang aktibong gampanin sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa kanilang karanasan ng pakikipagsapalaran. Buhat na lamang ng kawalang-katiyakan na sakop sa depinisyong nito, mainam na suriin ang mga aspektong ibinabahagi o kinikimkim sa iba't ibang tagapakinig upang kanilang maipinta sa iba't ibang uri ng tao ang imaheng nais nila maiparating tungkol sa kanilang propesyon. Mula rito ay maaaring maunawaan ang penomena ng pakikipagsapalaran sa konteksto ng mga nangingibang-bansa bilang mga miyembro ng iba't ibang antas ng lipunan.

### **Layunin ng Kasalukuyang Pag-aaral**

Nilalayan ng pag-aaral na ito na tugunan ang kakulangan sa literatura tungkol sa pakikipagsapalaran ng seaman at HSW sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga ito bilang mga kuwentong ibinabahagi sa iba't ibang tagapakinig. Una, nais naming tuunan ng pansin kung ano ang nilalaman ng mga kuwentong inilalahad ng mga seaman at HSWs tungkol sa kanilang karanasan ng pakikipagsapalaran. Ikalawa, nais naming malaman kung ano ang mga ibinabahagi ng mga seaman at HSW sa kanilang mga kakilalang walang balak maging seaman o HSW, mga kakilalang may balak maging seaman o HSW, mga kapwa seaman o HSW, at mga kapamilya.

## **METODOLOHIYA**

### **Kalahok**

Binubuo ng sampung lalaking seaman at sampung babaeng HSWs ang mga kalahok. Karamihan sa mga seaman ay mula sa mga manning agencies sa Kalaw Avenue, Manila at

ang mga HSWs naman ay mula sa mga recruitment agencies sa Padre Faura, Manila. Maliban sa pag-imbata ng mga kalahok mula sa mga agency, naghanap din kami ng mga kalahok mula sa mga nirekomenda ng aming mga kakilala.

Ang mga kalahok ay may sumusunod na katangian:

1. Nakapagtrabaho sa ibang bansa nang mahigit sa isang beses.
2. Nakapagtrabaho sa ibang bansa nang hindi kukulang sa anim na buwan.
3. Nakabalik sa Pilipinas noong nakalipas na labinlimang (15) taon.

Ang edad ng mga seaman na kalahok ay mula 27 hanggang 60 anyos ( $M=39.9$ ). Lima ay may asawa, habang apat ang single at isa ay biyudo. Anim ang nagtatrabaho bilang ratings—ang pinakamababang posisyon sa barko—habang tatlo ay nagtatrabaho bilang opisyal sa barko. Sa mga HSWs, ang kanilang edad ay mula 27 hanggang 58 anyos ( $M=35.6$ ). Apat ay mayroong asawa, isa ay hiwalay sa asawa, at anim ay walang asawa. Mula sa anim na walang asawa, dalawa ay mga *single mother*. Walo mula sa sampu ang nakaranas na magtrabaho sa mga bansa sa Middle East, dalawa ang nakaranas magtrabaho sa Timog-Silangang Asya, at dalawa naman ang nakaranas magtrabaho sa Hong Kong.

### **Pamamaraan**

Nagsagawa kami ng mga semi-structured interbiyu upang makuha ang mga kuwento ng karanasan ng mga seaman at HSWs sa iba't ibang bansa. Bago naisagawa ang interbiyu, pumirma ang mga kalahok ng *consent form* at hiningi namin ang kanilang pahintulot upang irekord ang interbiyu. Dalawa sa aming mga kalahok ang tumanggi sa pagrekord at binase na lamang sa tala ng ikalawang tagainterbiyu ang kanilang mga naibahagi. Isinaad namin sa mga kalahok na hindi sila makikilala sa pag-aaral at ang mga ibabahagi nilang impormasyon tungkol sa sarili at sa kanilang karanasan ay gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral. Ang pokus ng mga tanong sa interbiyu ay ang mga karanasan ng mga kalahok sa ibang bansa at ang mga ibinabahagi nila sa iba't ibang tagapakinig. Ang interbiyu ay nahahati sa dalawang bahagi; ang unang bahagi ay may patungkol sa karanasan nila sa ibang bansa habang ang ikalawang bahagi naman ay may patungkol sa mga ibinabahagi nila sa iba't ibang tagapakinig tungkol sa kanilang karanasan.

Ang mga interbiyu ay ginawan ng transkripsiyon at sinuri ang mga kuwentong ibinahagi. Ang aming grupo ay naghati sa dalawang pares, at ang bawat pares ay nagkowd ng tiglimang seaman at HSW. Matapos mapagkasunduan ng dalawang pares ang kanilang mga kowd, pinagsama-sama ng aming grupo ang mga kowd upang bumuo ng kowdbuk. Hinati ang pangkat ng mga mananaliksik sa dalawa at ang bawat pangkat ay nagsagawa ng kanilang pagsusuri sa datos gamit ang kowdbuk. Ipinaghambing ng dalawang pangkat ang pagsusuring isinagawa at bumuo ng mga tema. Gumamit din ng *narrative analysis* upang bumuo ng makabuluhang pagsusuri ng mga temang hinango.

Ang narrative analysis ay ginamit sa pag-aaral na ito batay sa penomenolohikong asampisiyon na ang mga penomena ay nabibigyan ng kabuluhan sa pamamagitan ng pagdanas sa mga ito (Eastmond, 2010). Ang mga karanasang ito, samakatwid, ay maaari

## **Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker**

lamang matuklasan sa pamamagitan ng paglalahad, tulad na lamang ng pagbabahagi ng mga naratibo o kuwento. Sa pagsusuri sa mga kuwento ay mahalaga ring tingnan ang ugnayan nito sa malawak na realidad ng tao, at kung paano nag-iiba ang *buhay bilang buhay*, *buhay na dinaranas*, at *buhay na ikinukuwento* (Bruner, 1987). Karaniwang hindi isinasaalang-alang ng mga nagkukuwento ang ganitong distinsiyon habang nagkukuwento, kaya't sa pag-aaral na ito, binigyang-diin namin ang *buhay na dinaranas* sa unang bahagi ng semi-structured na interbiyu, na aming itinanong ang tungkol sa kanilang mga karanasan bilang mga seaman at HSW. Mula roon, binibigyan-diin din namin ang *buhay na ikinukuwento*, sa pamamagitan ng aming pagtatanong sa kalahok tungkol sa kung alin sa mga nabanggit nilang karanasan ang kanilang ibinabahagi sa iba't ibang tagapakinig, partikular sa sa mga kakilalang walang balak maging seaman o HSW, mga kakilalang may balak maging seaman o HSW, mga kapwa seaman o HSW, at mga kapamilya.

### **RESULTA AT DISKUSYON**

Ang mga kuwentong ibinahagi ng mga seaman at household service workers tungkol sa kanilang karanasan ng pakikipagsapalaran ay nagpapakita ng iba't ibang manipestasyon ng sarap at hirap sa buhay ng mga OFW. Mula sa mga kuwentong ibinahagi ng mga kalahok ay binuo ang mga temang may pera sa barko, “Kayod-Marino” sa mapanganib na barko, pakikisama sa iba't ibang lahi, “Sabado Nights” at paglalayag, at pangungulila sa pamilya para sa seaman, at mag-abroad para makapag-ipon, suwertihan sa mabait na amo, pagiging “all-around” sa banyagang kultura, at pagtitiis sa malayong pamilya para sa mga HSW.

#### **Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng Seaman**

*May pera sa barko.* Ang pagbabarko, higit sa lahat, ay isang hanapbuhay para sa mga seaman. Pinansiyal na seguridad ang pangunahing dahilan na nag-uudyok sa mga seaman na kumuha ng mga bagong kontrata at sumampa sa mga barko. Mataas ang sahod sa pagbabarko, lalo na't dolyar ang kanilang kinikita. Bukod doon ay wala nang bawas sa kanilang sahod. Binanggit ni Mario, isang seaman, na “buo yung suweldo mo doon kasi wala kang bayad sa pagkain. Wala kang bayad ng sabon, pati yung tuwalya. Lahat doon libre. Suweldo mo lang yung tatanggapin mo doon—buo.”

Karaniwan din para sa mga seaman na paghambingin ang suweldo sa Pilipinas at sa pagbabarko. Bagama't may mga oportunidad sa Pilipinas ay nakatataas pa rin ang kanilang tingin sa mga oportunidad sa labas ng bansa. Kinompara ni Ignacio ang sahod sa probinsiya. “Maiisip mo yung sa probinsiya... 81 pesos lang a day. Samantalang doon, kumikita kami ng 500 US Dollars a month.” Ngunit hindi lamang sa trabaho sa probinsiya makikita ang malaking agwat ng sahod sa barko at sa Pilipinas. Binanggit ni Erik, isang second officer sa barko, na kahit ang sahod ng mga seaman ay halos “triple” pa sa sahod ng mga propesyonal tulad ng mga doktor sa Pilipinas.

Karamihan sa mga seaman ay may mga pamilyang sinusuportahan sa Pilipinas. Kung wala man silang pamilya ay mayroon silang pangarap na makapag-ipon para sa sarili at sa kanilang magiging pamilya, isang katangiang nagpapakita rin ng “pagkalalaki” ng mga

seaman (McKay, 2010). Dahil din ang pagiging seaman ay isang propesyon na kanilang pinaghandaan mula pa noong sila'y nasa kolehiyo at patuloy na pinaghahandaan sa kanilang mga *training*, ito lamang ang pangunahing puhunan nila. Sa gayong dahilan, ang pangangailangang kumita ng pera sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa barko ay hindi maihihiwalay sa karanasan ng seaman bilang mga manggagawa.

Ang temang ito ay malayang ibinabahagi ng mga seaman sa kapwa OFW, may balak maging seaman, at mga kakilalang hindi OFW, madalas bilang pagpapatunay sa kaalaman ng nakararami na malaki ang kita sa pagbabarko. Ang mataas na kita ang pangunahing dahilan kung bakit marami ang nagbabarko (Fernando & Krootjes, 2007). Sa pamilya, ayon kay Eduardo, mahalagang ibahagi na bagama't may pera ay dapat nila itong ingatan, "Pinaalala ko rin yung pag-manage ng pera—kailangan may kita, kailangan mong huwag iwaldas."

"*Kayod-Marino*" sa *mapanganib na barko*. May hirarkiyang sinusunod ang lahat ng seaman pagdating sa trabaho. Ang lahat ng seaman ay nagsisimula bilang ratings, at karaniwang pisikal ang kalikasan ng kanilang mga ginagampanang trabaho. Ang ratings ang naglilinis at nagpapanatili ng ayos sa barko, at kung minsang hinahalintulad din ang kanilang trabaho sa land-based na karpintero. Ibinahagi ni Julius na kasalukuyang may posisyon na ratings:

'Pag una mong sampa, iniisip mo sa taas ka lang, paganun-ganun ka lang. Siyempre, yun pala 'pag officer ka na. Kapag ratings ka, hindi. Kung ano ang trabaho ng construction dito, sa barko gano'n. Ang pagkakaiba lang namin, dito sa lupa, kasi sila dito sa lupa, yung nag-ano ng mga semento, gano'n. Kami naman, bakal.

Nabanggit rin ng mga seaman ang kahirapan sa mga unang buwan sa barko. Bukod sa pagdanas sa pisikal na hirap, nagiging hamon din para sa mga seaman ang pangangapa sa trabaho. Ikinuwento ni Daniel na naging mahirap ang unang mga buwan sa barko "kasi 'di mo alam pa yung barko, lahat ng mga pasikot-sikot." Bukod dito, may ilang mga seaman na nakararanas ng diskriminasyon mula sa kapwa seaman at mayroon ding ibang mas nakatatandang crew na pinagkakatuwaan ang mga baguhang ratings sa kanilang unang mga buwan.

Ayon sa pag-aaral ni Fernandez & Krootjes (2007), mayroong mga Filipino na kontento na sa pagiging ratings at hindi na umaasam ng mas mataas na ranggo. Ngunit, mayroon ding mga Filipino na patuloy na nag-aaral at kumukuha ng board exam sa PRC upang umangat sa posisyon dahil umaasam sila ng mas mataas na sahod. Bagama't nagpapatuloy ang ibang seaman na mag-aral upang maging officer, hindi nangangahulugang mas nagiging madali ang kanilang trabaho. Kapag sila'y naging officer, nagiging problema naman nila ang paperwork at mga report na kailangan nilang gawin para sa bawat port o daungan na kanilang binababaan.

Bukod sa hirap ng trabaho ay delikado rin ang pinagdaraan ng mga seaman, lalo na tuwing masama ang panahon. Mapanganib ang paglalayag ng mga barko tuwing maalon



## Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker

at kahit gaano pa kalaki ang barko ay maliit pa rin ito kompara sa lawak at lalim ng dagat. Hindi tiyak ang kaligtasan ng mga seaman tuwing sila'y naglalayag. Tulad ng nabanggit ni Felipe, isang senior officer, "Sa trabaho... 50-50 ka naman din, yung buhay mo. Canoon talaga. Sa mambabarko ba, parang kabaong na nakalutang ang sinasakyan mo." Tuwing masama ang panahon, naaapektuhan din ang pisikal at emosyonal na kalagayan ng mga seaman. Sa paglalarawan ni Julius, "Nahihilo ka. Hindi ka na makausap nang matino. Lagi kang galit. Tapos hindi ka makatulog. Sumusuka ka. Yung suka mo kulay green."

Karaniwang ibinabahagi ang temang ito sa pamilya, may balak mag-OFW, at kapwa OFW. Isa sa pangunahing dahilan ng mga seaman sa pagkuwento ng konteksto ng kanilang trabaho ay dahil nais nilang malaman ng kanilang mga pamilya ang hirap na dinadanas nila upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang pagiging mulat ng pamilya sa mahirap na realidad sa barko ang magtutulak sa kanila upang magtipid. Ayon kay Daniel, na may dalawang anak, "Siyempre, ikuwento niyo yung hirap para malaman nila yung hirap sa trabaho. Akala nila yung pera nila madali lang hanapin. Hindi, mahirap. Mahirap din. Para 'pag gastos nila, alam nila pag-gastos." Ngunit, iniwasan pa rin ng ilan na magbahagi ng detalye dahil ayaw nilang mag-alala ang kanilang mga pamilya. Binanggit ni Julius tungkol sa pagtawag ng kaniyang pamilya habang siya ay nasa barko:

Hindi ako nagbibigay ng nangyayari sa akin kasi ayaw mong magwo-worry sila eh. Minsan sinasabi ko, 'Okay ako dito, kahit papaano may naiipon na rin.' Nagtatanong sila, 'O, ano, hindi ka ba nahihirapan diyan?' Kahit nahihirapan, sasabihin ko pa rin na hindi ako nahihirapan, okay ako dito, masaya ako dito. Para sila, hindi sila magworry.

Ang pagpigil sa pagbabahagi ng lahat ng detalye ng kanilang mga mahirap na karanasan ay marahil buhat sa kanilang kagustuhang panatilihin ang magandang impresyon ng iba ukol sa kanila at sa kanilang propesyon (Berger, 2014). Mahalaga ito upang kumuha ng kontrata at magpatuloy sa kanilang propesyon,

Ang kanilang mga paghihirap sa barko ay naibabahagi rin bilang payo sa mga may balak maging seaman. Nabanggit ni Daniel tungkol sa ibinabahagi niya sa may balak maging seaman, "[Mag]trabaho ka, makisama, ganun. Magsipag. Alagaan yung trabaho para magtagal ka sa barko." Sa kapwa seaman, inilahad ni Julius na idinadaan na lang din nila minsan sa biro ang paghihirap sa barko tuwing sila'y nagkakausap, "Nagtatawanan kami. Sabi ko, 'Ano, bro, saan ang biyahe n'yo ngayon?' Sabi niya, 'Europe, sa [...].' Sabi ko, 'Bro, sige! Walang tulugan diyan! Masarap diyan! Wala ka sa ayos!'" Sa kapwa seaman, ang mga kuwento tungkol sa kanilang hirap ay nagagawang mga biro upang mapagaan ang kanilang pakiramdam sa kabila ng mga hinaharap na panganib at mapabuti ang relasyon sa isa't isa habang naglalayag.

*Pakikisama sa iba't ibang lahi.* Mahalaga para sa mga seaman ang pakikisama sa kanilang mga katrabaho sa barko. Sa magandang relasyon ng mga seaman, bahagyang nakasalalay ang "kaligtasan" ng buong crew (Fernandez & Krootjes, 2007). Mayroong dalawang uri ng crew sa mga barko—ang full crew at mixed crew. Sa full crew, iisa

lamang ang nasyonalidad ng mga seaman. Bagama't mas maraming pagkakatulad ang mga Filipino, madalas makaranas ng hindi pagkakasunduan ang mga Filipinong seaman sa kaniyang kapwa Filipino. Isang dahilan na ang kaugalian na magtanim ng sama-ng-loob at dalhin ito sa trabaho. Naikuwento ni Eduardo tungkol sa kaniyang karanasan sa full crew:

Chief mate to chief engineer, sila ang nagpakita sa mga lower ranks na nag-aaway-away. Walang kibuan. Filipino nga... 50 and 46 years old... Nagbabatuhan ng baso. Yung baso na babasagin, yung transparent. Parang walang pinag-aralan...

Karamihan ng mga Filipinong seaman ay mas gustong magtrabaho sa mixed crew. Sa pagbabarko ay hindi maiiwasan ang hindi pagkaunawaan sa trabaho ngunit sa ibang lahi ay mabilis lamang lumilipas ang mga isyu. Tulad sa nabanggit ni Julius, "Kapag mga ibang lahi rin yung makasama mo kasi nahihiya ka nang konti. Nahihiya rin sila sa'yo. Kumbaga, hindi, kung magkagalit man, mamaya magsabi, 'I'm sorry, I'm sorry.'"

Ang kuwentong may temang ito ay madalas na ikinukuwento sa kapwa seaman at may balak mag-seaman. Sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa karanasan nila kasama ang iba't ibang lahi ay napaghahambing nila ang karanasan ng pagtrabaho sa iba't ibang uri ng *crew*. Bukod dito, ang pakikisama sa iba ay ikinukuwento rin bilang payo sa mga may balak maging seaman sapagkat mahalaga ang abilidad na makisama upang kayanin ang mahabang panahon ng pamamalagi at pagtrabaho sa barko kasama ang iba't ibang uri ng tao.

*Pangungulila sa pamilya.* Sa unang mga buwan ng paglalayag ay hindi naiiwasan ng mga seaman ang pagiging "homesick" sa pamilyang iniwan sa Pilipinas. Sa ganoong mga panahon din nakaramdam ang mga seaman ng kagustuhang umuwi. Tulad ng nabanggit ni Jeff, noong kaniyang unang taon bilang seaman, "Nung first time talaga, gusto ko nang umuwi na talaga. One week pa lang, gusto ko nang umuwi." Karamihan sa mga baguhang seaman ay nagkakaroon ng kagustuhang umuwi sa kanilang unang mga buwan sa barko dahil sa pagiging malayo sa kinasanayang buhay sa Pilipinas. Dumadagdag sa kanilang kalungkutan tuwing sila'y hindi nakakababa sa barko dahil kapwa seaman lang din ang kanilang nakakasalamuha.

Ang pagdanas sa "homesickness" ay hindi maiiwasan bilang ang pamilya ang pangunahing rason ng paglalayag ng karamihan sa mga seaman (Lamvik, 2002). Bahagyang naiibsan lamang ito tuwing sila ay nakakatawag o 'di kaya'y nakagagamit ng Internet upang makausap ang kanilang mga mahal sa buhay. Ang pag-iisip din tungkol sa kalagayan ng kanilang pamilya ang madalas nilang inaalala, kaya ang pangungumusta ang madalas na nagiging paksa tuwing sila'y tumatawag sa pamilya.

Ang temang ito ay madalas na ikinukuwento sa kapwa seaman. Ang kani-kanilang mga pamilya ay madalas na paksa sa barko, marahil sa pangangailangang mapawi ang pangungulila sa pamilya ng isa't isa. Bilang mga lalaki, may mga pagkakataong maaaring hindi malalim ang pagbahagi ng mga seaman tungkol sa kanilang pamilya, gaya ng

## Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker

nabanggit ni Onyok tungkol sa mga pinag-uusapan ng mga seaman, “Iba-ibang kuwento din, eh... Hinggil sa asawa, mga babae, kung ano-ano lang. ‘Pag mga lalaki, kung ano-ano lang.” Naipaparingit din ang temang pangungulila sa kanilang pamilya tuwing tatawag o kakausapin ng mga seaman ang kanilang pamilya upang mangamusta.

“*Sabado Nights*” at *paglalayag*. Malaking bahagi ng buhay ng seaman ang nakalaan sa hirap at kalungkutan, gaya na lamang ng binanggit ni Felipe, “Napakalungkot mag-abroad. Kahit sinong seaman ang tanungin mo. Siguro ibibigay nila 90%,e, at 10% lang yung kasiyahan kasi dun trabaho.” Sa kabila nito, marami pa rin sa mga kalahok ang nagbabahagi ng masasayang aspekto ng kanilang trabaho. Isa na rito ang libheng pagpasyal sa iba’t ibang bansa. Sabi nga ni Onyok, “Masaya kapag daong, ganiyan, nasa port. Masaya... nakakarating sa ibang bansa, nakakarating nang libre.” Kapag sila ay tumutungtong sa mga daungan, nagkikita ang mga seaman sa mga tinatawag na “Seaman’s Club” o “Seaman’s Center.” Ang mga ito ay recreation center kung saan puwedeng magpahinga at magpakasaya ang mga seaman. Maaari silang mag-billiards, mag-Internet, kumain, at bumili ng mga pasalubong. Ang iba naman, dito na bumibili ng mga telephone card para makatawag sa kanilang mga kapamilya.

Bukod dito, nakaugalian na rin ng mga seaman na magkaroon ng tinatawag na “Sabado Nights,” kung kailan nagsasama ang buong crew upang mag-inuman at aliwin ang sarili. Nabanggit ni Eduardo:

“Kaya nakikibagay ka rin kasi sa barko kasi may ano, may party every Saturday, depende sa kapitan... Ibang kapitan, binibili talaga. Yung barbeque ba, pinapainum ng softdrinks, beer, ganun. Lahat, pinag-bonding-bonding lahat ng tripulante sa barko tuwing Sabado ng gabi dahil kinabukasan, lalo na sa day division... Linggo, walang trabaho talaga ‘yan, kaya sa tapat ng Sabado ng gabi ang okasyon.”

Isa itong oportunidad para mas magkakilala at mapalalim pa ang ugnayan ng mga seaman sa isa’t isa. Dahil ang kanilang grupo ay halo ng iba’t ibang lahi at personalidad, kailangan din nilang pagtuunan ng pansin ang pakikibagay at pakikisama sa iba nang sa gayon ay makamit ang magandang relasyong makakatulong sa kanilang trabaho habang magkakasama. Ngunit, hindi lahat ng barko ay may oportunidad na magkaroon ng “Sabado Nights” sapagkat ang iba ay mas estrikto at may polisiyang “Zero Alcohol” sa barko.

Tuwing maganda rin ang panahon ay masarap bumiyahen sa barko. Tungkol sa mga lugar na kanilang napupuntahan, nasabi ni Tomas, “Siyempre, kung biyahe n’yo, biyahe n’yo. Kung saan-saan kayo nakakarating, e di na-eejoy mo na rin yung biyahe mo.” Sa kabila ng mga ito, pinakamasarap pa rin sa buhay ng seaman ang pagtatapos ng kontrata. Tulad ng nabanggit ni Jeff, “Pagbalik ko dito, siyempre masaya. Parang naka-ano ka, nabunutan ka ng tinik kasi natapos ko yung kontrata.” Ngunit, pinakamasarap pa rin sa mga seaman ang makabalik sa Pilipinas nang may pera. Tulad ng binanggit ni Roger, “Ang pinakamasaya ay yung ‘pag pauwi. Oo, ‘yun ang pinakamasaya. Lalo na ‘pag may ipon ka, mas masaya ‘yon.” Bagama’t mahirap ang pinagdaraan ng mga seaman ay nagiging

mas masarap ang kanilang pag-uwi kapag nakakamit na nila ang layuning kumita ng pera para sa sarili at pamilya.

Ang temang ito ay malayang ikinukuwento sa kapwa seaman sapagkat nagiging katuwaan ito, lalo na't natatangi sa seaman ang karanasan ng pagkakaroon ng katuwaan halos bawat Sabado ng gabi. Sa pamilya, mga may balak mag-aborad, at mga kakilalang hindi OFW, hindi nabanggit ng mga kalahok ang pagbabahagi ng "Sabado Nights" ngunit madalas na ikinukuwento ang iba't ibang mga lugar na napupuntahan habang naglalayag sa barko. Ang pagkukuwento sa mga ganitong karanasan ang nagsisilbing paraan upang mapagaan ang loob ng mga kapamilyang nag-aalala sa kalagayan ng mga seaman. Dagdag pa rito, ang pagbahagi rin tungkol sa kanilang paglalakbay at sa mga lugar na kanilang napapasyalan ay nakapagpapatunay sa positibong aspekto ng kanilang trabaho.

### **Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng HSW**

*Mag-abroad para makapag-ipon.* Ang pangingibang-bansa nga HSW ay isang desisyon na ginagawa upang kumita ng pera. Para kay Anna, ang pangingibang-bansa ay isang daan upang makamit ang pangarap na yumaman, "Yun talaga yung gusto ko, bata pa talaga ako, sabi ko na sa akin maga-abroad ako, kasi gusto ko maging mayaman." Tulad ng mga seaman, nangingibang-bansa ang mga household service workers dahil mas malaki ang kita sa abroad kompara sa kita dito sa Pilipinas. Binanggit ni Maricar, isang college graduate na pinili pa ring mag-apply sa Hong Kong bilang HSW:

Nagtrabaho din ako dito, e, kaya lang kinompeyr ko tapos kung ganito lang yung salary dito, sabi ko, e, kung anuman yung gusto mong tumaas ka kaagad, yung lahat ng dreams mo ay ma-accomplish mo agad, e, hindi mo maa-accomplish sa paraan na ganoon lang na sahod... Sabi ko makipagsapalaran na lang ako. Yung ganon... Kung pinupursigi mo yung mga gusto mong umangat sa buhay... nagagawa mo kung nasa ibang bansa ka. Kasi ang pera dun talaga ay mas malaki, ilan—triple ng nandito sa Pilipinas... Ibang-iba rin, yung sa sahod dito sa Pilipinas.

Nakikita rin ang paghahanapbuhay sa ibang bansa bilang daan upang mabigyan ng magandang buhay hindi lamang ang kanilang sarili, ngunit lalo na ang kanilang pamilya. Tulad din ng nasaliksik ni Asis (2002), ang pinansiyal na pangangailangan ng mga pamilya ng mga HSW ay nauuna sa kanilang mga sariling pangangailangan, lalo na sa mga may mga anak. Nabanggit ni Alice, isang HSW sa Abu Dhabi, "Kasi may anak ako, e, *single parent*. Kailangan kong maibigay yung [kailangan] ng anak ko para sa kinabukasan niya..."

Dagdag pa rito, ang pangangailangang mag-ipon ay matinkad sa kuwento ng mga HSW dahil alam nilang hindi panghabambuhay ang kanilang kinikita. Bukod sa pagiging kontraktual ng kanilang trabaho, mayroon ding limitasyon sa edad ang pag-aaplay. Kinikilala din lamang ang pagiging HSW bilang pansamantalang solusyon lamang sa kahirapan. Wika ni Nina, na nagtrabaho bilang HSW sa Jordan noong 2011, "Yung abroad

## **Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker**

na sinasabi natin, pangkuha lang ng puhunan.” Karaniwang binabanggit ng mga HSW ang kagustuhang makapag-ipon upang, sa pag-uwi ng Pilipinas, ay makapagtayo ng negosyo at manatili na lamang sa bansa.

Ang temang ito ay karaniwang ibinabahagi sa mga may balak maging HSW, bilang pagpapatunay na may mataas na sahod sa ibang bansa, ngunit hindi tinatangkilik ng mga HSW ang pangingibang-bansa lalo kung may mahahanap na trabaho sa Pilipinas na makabubuhay sa sarili at pamilya. Sa mga kakilalang walang balak mag-OFW at maging sa pamilya ay hindi madalas na binabanggit ang mga naiipon ng mga HSW mula sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Wika ni Nimfa, “Kung may interesado at humihingi ng pera, sasabihin ko na kulang pera ko kahit na meron talaga kasi nag-iipon ako.”

*Suwertihan sa mabait na amo.* Napakalaki ng impluwensiya ng employer sa buhay ng HSW. Kadalasan, ang kanilang employer, na madalas na tinatawag bilang “amo,” ang nagtatakda ng hangganan ng kanilang kalayaan sa trabaho. Dagdag pa rito, karamihan ng mga HSW ay nangangailangang manatili sa tahanan ng kanilang employer sa loob ng panahon ng kanilang kontrata, na maaaring maging daan upang sila’y mapagsamantalahan at maabuso (Anderson, 2010; Sancho-Liao, 2007). Kahit na ang mga employer ang pangunahing impluwensiya sa kanilang karanasan, wala sa kamay ng mga HSW ang pagpili sapagkat ang mga recruitment agency o ang mga employer mismo ang pumipili sa kanila. Ayon kay Alice, na nagtrabaho sa Abu Dhabi, “Siyempre ’pag nag-abroad ka, pasuwerte-suwerte lang. Kung masuwerte ka, mabait yung amo mo. ‘Pag minsan may mamalasin din, may sinasaktan.”

Ihinalintulad nila ang kanilang pangkabuuang kalagayan sa isang sugal, na ang pagiging suwerte ay ang pagkakaroon ng mabait na employer at ang pagiging malas ay pagkakaroon ng abusadong employer. Para sa mga HSWs, ang mabait na employer ay nagpapakain sa kanila nang sapat, at hindi sila estrikto pagdating sa gawaing-bahay. Ang mababait na employer ay pumapayag din magpagamit ng telepono upang makausap ang kanilang pamilya sa Pilipinas, nagbibigay ng day-off, o ’di kaya’y sinasama sila sa mga gala at bakasyon. Ngunit, sadyang mayroon ding mga employer na mahigpit. Wika ni Gigi, nagiging estrikto ang ibang mga employer “kasi natatakot sila, e.” Ang ilan sa mga HSW ay hindi pinapayagang lumabas dahil natatakot ang kanilang employer na sila’y ipahamak o ’di kaya’y iwanan nang walang paalam.

Sa kabila ng mga ’di kanais-nais na karanasan, nananatili pa rin ang karamihan sa mga HSWs sa kanilang mga employer upang magtrabaho at tapusin ang kanilang kontrata dahil sa pangangailangan nilang kumita ng pera. Tulad ng nabanggit ni Maricar, “Kala n’yo yung mga nasa [...], naka-ngiti ’yan, pero ang mga amo niyan, suwerte nang mabait. Pinagti-tiyagaan nila kasi kailangan ng trabaho.” Maging bigo man ang mga HSWs sa pakikipagsapalaran sa pagkuha ng mabuting employer ay pipiliin pa rin nilang magtiis at kumapit sa patalim upang panatilihin lamang ang kanilang trabaho at makapagpatuloy sa pag-iipon.

Ang temang ito ang namamayani, kaninuman nagbabahagi ng kuwento ang mga HSW. Malaki ang implikasyon nito sa ginagampanang papel ng kanilang employer, sapagkat

anumang nais iparating ng mga HSW tungkol sa kanilang karanasan ay nakatali sa kaugalian at uri ng kanilang amo. Sa mga kuwento sa pamilya ay nababanggit ang mga amo, ngunit madalas ay ang magagandang karanasan lamang. Tulad ni Jenny, may mga HSW na hindi nagiging matapat sa pamilya upang hindi sila mag-alala:

Baligtad [ang mga kinukuwento]. "Okay po, mabait dito, ma," ganiyan. Sinasabing "Ma, maraming pagkain" kahit wala kang kinakain... sige, marami pa rin. Kahit pinapagalitan ka, "Ma, hindi ako pinapagalitan, mabait." Hindi mo puwedeng sabihin kasi naano rin sila e, namomorolema rin sila.

Sa mga kuwento nila sa kapwa HSW ay hindi nila naiiwasang paghambingin ang kanilang mga karanasan, lalo na sa tipo ng amo na mayroon sila. Sa pag-uusap nila sa kapwa HSW ay nagiging libangan din ang pagkukuwento tungkol sa mga amo, nasabi ni Osang, "Pinag-uusapan ang amo at pinagtsitsisman din kami ng mga amo." Sa mga kuwento naman sa mga may balak maging HSW ay nagkukuwento sila ng kanilang karanasan upang makapagbigay ng ideya sa kapalarang maaari rin nilang matamo, ngunit ang ilang mga HSW tulad na lamang ni Anna, ay malimit magbahagi upang hindi mapanghinaan ang loob ng iba na maghanap ng suwerte sa ibang bansa:

Hindi ako nagkukuwento ng karanasan ko kasi baka matakot din sila, baka gustong-gusto nila mag-ano, mag-abroad. Ano, baka matakot sila... baka yun yung panindigan nilang kuwento ko, ayaw na nila tumuloy. Edi sayang din ang *opportunity* naman, malay mo suwertehin din sila.

*Pagiging "all-around" sa banyagang kultura.* Bilang mga "all-around" sa tahanan ng kanilang mga employer, ilan na lamang sa trabaho ng HSW ang paglilinis, pagluluto, at pag-aalaga ng anak ng kanilang employer. Sa paglalarawan ni Jovy, "Dun mo mararanasan magkarpintero, basurero. Lahat mararanasan mo." Bagama't hindi mahirap ang indibidwal na mga gawain sa bahay, nagiging mahirap ang mga ito dahil sa dami at kung minsan, sa mataas na ekspektasyon ng kanilang mga employer. Madalas na hindi napapansin sa trabaho ng mga HSW ang pangangailangan nilang sulitin ang oras at gawin nang sabay-sabay ang kanilang trabaho, na nagdudulot sa kanila ng mental at emosyonal na hirap (Anderson, 2010).

Bukod sa kanilang ginagampanang trabaho para sa kanilang employer, dumadaan din ang mga HSWs sa maraming adjustment buhat ng kaibahan ng kultura ng kanilang mga employer. Kinakailangan din ng mga HSW na sumunod sa batas ng bansang kanilang tinutuluyan kahit na minsa'y nilalabag ng mga ito ang kagustuhan nila. Sakop sa batas ang uri ng pananamit, tulad na lamang ng pagsusuot ng abaya para sa mga HSWs sa Saudi Arabia. Ang pagkakaiba sa wika ng HSW at ng kanilang mga employer ay nagiging balakid din sa kanilang mga inter-aksiyon. Bukod dito, kinakailangan din nilang sanayin ang kanilang sarili sa pagkain. Tulad ng nabanggit ni Helen, na naranasang maging HSW sa anim na bansa sa Middle East:

Ayaw ko yung pagkain doon—saluyot na blinender na hinaluan ng manok, parang sipon... Pero after 2 months, dapat makisama sa employer, kaya sabi ko, 'Lord,

## Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker

kung makakain nila, makakakain ko rin.' Halo-halo, iba-iba pagkain. Tiniis ko talaga. Unti-unti, nakayanan ko.

Ang pag-a-adjust sa konteksto ng mga HSW ay isang paraan upang makaya nila ang panibagong trabaho at kulturang kanilang pinapasukan. Bagama't lahat ng HSWs ay nakararanas ng paninibago at *culture shock* sa kanilang bagong kapaligiran, binabanggit din ng karamihan na "sanayan" lamang ang kailangan upang makatagal sila sa isang lugar at makatapos ng kontrata.

Ang mahihirap na karanasan na may patungkol sa pagiging all-around at pag-a-adjust sa banyagang kultura ay hindi lubos na ikinukuwento ng mga HSW sa kanilang pamilya. Bagama't may mga HSW na nagkukuwento sa pamilya upang maibsan ang kanilang lungkot at sa kanilang sitwasyon, may mga HSW ding umiiwas sa pagkukuwento ng tindi ng kanilang karansan upang hindi mag-alala ang kanilang pamilya. Nabanggit ni Jovy, "Wala akong ikinukuwento sa kanila kasi ayokong 'pag umalis ako, matakot sila ulit." Bagama't mahirap na desisyon na iwanan ang pamilya, mas nagiging madali ito kapag mayroon silang suporta ng kanilang mga mahal sa buhay. Sa pagsasabi lamang ng mga karanasang aaprobahan ng pamilya ay hindi mawawala ang kanilang suporta upang muling makipagsapalaran ang HSW.

Karaniwang ibinabahagi ang temang ito sa may balak mag-abroad, upang mabigyan sila ng ideya sa bigat ng trabaho at sa mga pagbabagong kanilang haharapin. Binanggit ni Alice ang pagtatasa sa kaniyang mga kakilalang may balak mag-abroad bago magkuwento ng karanasang makapag-eengganyo mag-abroad, "Pag alam ko yung ugali, halimbawa, kaibigan ko na 'di marunong masyado sa trabaho, tapos parang tatamad-tamad, hindi. Pero 'pag masipag naman na kilala ko, 'Okay, 'pag gusto mong mag-abroad, tiyamba-tiyamba lang 'yan, swerte-swerte." Sa mga kapwa HSW ay nagbibigay daan ang pagkuwento tungkol sa hirap at mga pagbabagong dinaranas sa trabaho upang mapagaan ang loob at makahingi ng payo tungkol sa kanilang karanasan. Sa mga kakilalang hindi OFW ay nagsisilbing mga nakapang-aaliw na anekdota ang mga karanasan ng pag-a-adjust.

*Pagtitiis sa malayong pamilya.* Ang pagiging malayo sa pamilya ang pangunahing dahilan sa kalungkutan na nadarama ng mga household service workers. Ito ang nagiging sanhi ng kanilang pagkaramdam ng "homesickness," o ang matinding pagnanais na umuwi sa Pilipinas. Para sa ilang mga household service workers, ang problemang ito ay higit pa sa kahit anong dinadanas habang nasa ibayong-dagat, at hindi ito matatapatan ng taas ng sahod. Tulad na lamang ng nabanggit ni Jovy, "Ang problema ng OFW, yung homesick... Number one na problema ng OFW. Kasi, kahit kami, magdapa-dapa kami diyan, kung ano gawin namin, okay lang. Kasi pagdating naman ng katapusan, may sahod kami. Talagang homesick lang talaga ang kalaban..."

Isa na ring dahilan para sa pangangailangang magtiis ay ang pagiging ina ng ilan sa mga kalahok, sapagkat bukod sa paghihirap na dinadanas upang makaipon ay nag-aalala rin sila sa kalagayan ng kanilang pamilya. Nagiging mas matindi ang pagtitiis para sa mga

*single mother*, sapagkat kailangan nilang gampanan ang papel ng ina at ama habang sila'y malayo sa pamilya. Tulad ng nabanggit ni Alice, isang *single mother*:

“Malungkot kasi di mo maiiwasan yung homesick, miss mo na pamilya mo pero kailangang labanan kasi ganito ganyan... tapusin mo kontrata mo. Pero hindi naman sa napilitan ako. Kailangan din yung... Kasi may anak ako, e, single parent. Kailangang kong maibigay yung ano ng anak ko para sa kinabukasan niya so... Kaya tiis-tiis rin lang din. Yung homesick nilalabanan lang.”

Ang temang ito ay karaniwang napag-uusapan ng mga HSW sa kanilang mga kapwa HSW. Nakikita nila bilang karamay sa pangungulila ang kapwa HSW dahil sa pagkakapareho ng kanilang mga nararanasan bilang mga anak at ina na malayo sa kanilang pamilya, at ang pagbabahagi ng mga ganitong karanasan at damdamin ay nagsisilbing paraan upang mabawasan ang kanilang lungkot at suportahan ang isa't isa. Sa mga pagkakataong walang kasamang ibang HSW ay nagiging mas mahalaga ang pagkakaroon ng madalas na komunikasyon sa pamilya upang mangumusta. Sa kabila nito, may mga pagkakataon ding ang komunikasyon sa pamilya ay hindi nakapapawi ng kanilang pangungulila. Ayon kay Nina, “Minsan, ako na yung may ayaw tumawag... kasi 'pag nakakausap ko si mama, nami-miss ko lang sila.”

### **Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran: Paglalagom at Implikasyon**

Sa pamamagitan ng kuwento, maaaring siyasatin ang interpretasyon ng tao tungkol sa kaniyang buhay, at hindi ito mahihiwalay sa konteksto ng lipunang kaniyang kinabibilangan at ginagalawan (Widdershoven, 1993; Bruner, 1987). Ang mga tema ng mga kuwentong pakikipagsapalarang ibinahagi ng mga seaman at HSW ay may kinalaman sa kanilang pagiging mga manggagawang lumayo mula sa kanilang kinasanayang pamumuhay upang maghanap-buhay sa ibang bansa. Ang parehong grupo ay nakararanas ng hirap sa kanilang trabaho habang nasa ibang bansa, at humaharap sa mga pagsubok na may kinalaman sa pangangailangang makibagay sa kanilang bagong kapaligiran. Higit sa lahat, nakararanas din sila ng lungkot dahil sila ay malayo sa pamilya. Ang pagtustos sa pangangailangan ng pamilya, bukod sa pangangailangan ng sarili, ay nabibilang din sa kanilang mga pangunahing rason para sa kanilang pakikipagsapalaran sa ibang bansa.



## Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker

Hanayan 1. Mga Dimensiyon at Tema ng Karanasan ng Pangigingbang-bansa ng Seaman at HSW

Dimensiyon ng Pangigingbang-Bansa	Tema ng Karanasan ng Seaman	Tema ng Karanasan ng HSW
Layunin ng Pangigingbang-bansa	Pangingibang-bansa upang kumita	
Ugnayan sa Pamilya	Pangungulila at pagtitiis na malayo ang pamilya	
Konteksto ng Trabaho	"Kayod-Marino" sa mapanganib na barko	Pagiging "all-around" sa banyagang kultura
Ugnayan sa Trabaho	Pakikisama sa iba't ibang lahi	Suwertihan sa mabait na amo
Sarap sa Trabaho	"Sabado Nights" at paglalayag sa iba't ibang lugar	

Ang pagkakaiba sa pakikipagsapalaran ng mga seaman at household service workers ay dulot ng magkaibang likas ng kanilang trabaho kaugnay sa kanilang pangkalahatang kondisyon bilang mga manggagawa. Kung susuriin ang mga tema, mas maraming oportunidad para sa mga positibong karanasan ang mga seaman, gaya na lamang ng pag-angat ng ranggo at pagpasyal sa iba't ibang bansa. Ang panganib sa kanilang pakikipagsapalaran ay nakasalalay sa lagay ng panahon at sa kanilang relasyon sa mga katrabaho sa barko. Nagkakaroon lamang ng panganib tuwing malalaki ang alon o tuwing nalalagay sila sa isang *crew* na sadyang mahirap pakisamahan. Kompara sa mga seaman, napakaliit ng kalayaang nararanasan ng mga household service workers dahil ang kapalaran ng mga household service workers ay hawak ng kanilang amo. Dahil din sa paninirahan nila sa tahanan ng kanilang amo na nagpapasuweldo sa kanila at nagpapasiya ng kanilang halaga ay madali silang napagsasamantalahan at naaabuso (Anderson, 2010; Sancho-Liao, 2007). Bagama't laganap sa mga kuwentong pakikipagsapalaran ang mga tema ng hirap ay kaakibat pa rin nito ang posibilidad ng sarap. Dagdag pa rito, bagama't pareho lamang ang pagnanasang maiangat ang antas ng buhay ng mga seaman at household service workers, makikitang magkaiba talaga ang kanilang isinusugal sa kanilang pakikipagsapalaran para matamasa ang mga ito.

Ang kuwento tungkol sa karanasan ay maaari ring mabago ayon sa tagapakinig (Higgins, 1992; Bruner, 1987). Kaugnay nito, bilang *word of mouth*, may may iba't ibang dahilan din ang mga nangingibang-bansa sa pagbabago ng kanilang kuwento (Berger, 2014). Una, ang kuwento ang nagiging basehan sa pangkalahatang impormasyon na alam ng karaniwang tao tungkol sa kanilang propesyon, tulad na lamang ng malalaking sahod na dolyar para sa seaman at ang malawak na impluwensiya ng employer sa karanasan ng mga HSW. Naitatama rin nila ang ilang mga miskonsepsiyon, at nabibigyan nila ng atensiyon ang mga aspekto ng buhay bilang mga manggagawa na hindi laging naibabahagi.

Ikalawa, ang mga kuwento ng pakikipagsapalaran ay maaaring makaimpluwensiya sa desisyon ng iba sa pamamagitan ng panghihimok na tumuloy o hindi tumuloy sa

propesyon. Ang mga kuwentong nanggagaling mismo sa mga nakapangibang-bansa ay nakikita ng mga tagapakinig bilang kapani-paniwala sapagkat batay ito sa personal na karanasan (Winterbottom et al., 2008). Madalas ding nakapagbibigay ang mga seaman at HSW ng mga payo na hango sa kanilang mga karanasan. Bahagyang natutugunan ng mga kuwentong ito ang impormasyong kailangan ng mga may balak mag-abroad upang timbangin ang desisyon na makipagsapalaran, na maaaring mas komprehensibo sa mga impormasyong nakukuha mula sa mga website o agency. Dagdag dito, ang impormasyong ibinabahagi ng mga nangingibang-bansa sa mga taong may balak din sumabak sa parehong propesyon ay makakatulong sa kanilang paghahanda sa panibagong kapaligiran (Fonner & Roloff, 2008).

Ikatlo, ang mga kuwento ay nagiging daan sa mga nangingibang-bansa upang makiisa sa karanasan ng isa't isa. Ang pagkakapareho ng kanilang mga karanasan ang nag-uudyok sa kanila na maging bukas sa pagbabahagi ng mga mahihirap na karanasang karaniwang itinatago sa iba (Bolante, 2014). Bukod dito, ang pagbabahagi ng mga kuwento sa kapwa seaman o HSW ay nakakapagpagaan din ng kanilang loob lalo na tuwing mahirap ang kanilang dinadanas, na nakatutulong sa pagpapanatili ng kanilang mental na kalusugan na mahalaga sa kanilang okupasyon (van der Ham et. al, 2015).

Ikaapat, ang mga kuwento ay maaaring magpagaan sa loob ng mga mahal sa buhay sa kabila ng hirap na dinadanas ng mga nangingibang-bansa. Ang ilang mga seaman ay nakapagkukuwento ng mga kuwento ng paglalakbay sa kanilang paglalayag, habang ang ilang mga HSW ay nakapagbabahagi rin tungkol sa kanilang mga mabubuting amo at mga nakatutuwang anekdota sa pag-adjust sa kanilang bagong kapaligiran. Ngunit, higit sa mga ito, ang mga hindi ikinukuwento ng mga seaman at HSW ay nagpapakita rin ng kagustuhang ilihim ang mga hindi magagandang karanasan upang maipagpatuloy ang kanilang desisyon na mangibang-bansa at makipagsapalaran. Sa ganitong paraan at kadahilanan patuloy na hinuhulma ng mga kuwentong pakikipagsapalaran ang namamayaning naratibo ng pangingibang-bansa ng mga Filipino.

Bagama't hindi ito natalakay nang lubos sa pag-aaral na ito, maaaring siyasatin pa ang pagbabago ng mga kuwento ayon sa mga *roles* o gampanin ng mga nangingibang-bansa, tulad na lamang ng pagiging tagatustos sa pangangailangan ng pamilya o pagiging alipin sa ibang bansa na nasimulan ni Bolante (2014) at Lan (2003). Mainam ding palawakin pa ang pagsusuri sa pagbabago ng kuwento kasabay ng pagbabago ng konteksto o sitwasyon ng pagbabahagi sa mga ito, na hindi lubos na tinalakay sa pag-aaral na ito. Maaari ring muling siyasatin ang mga kuwentong ibinahagi mula sa lente ng kasarian ng mga kalahok, at ang mga implikasyon nito sa iba't ibang dimensyon ng kanilang karanasan.

**Mga Sanggunian**

- Aguilar, F. V. (1999). Ritual passage and the reconstruction of selfhood in international labour migration. *Journal of Social Issues in Southeast Asia* 14(1), 98-139.
- Amante, M. (2003). *Philippine Global Seaman: A Profile*. Cardiff: Seaman International Research Center (SIRC).
- Anderson, B. (2010). Just another job? Paying for domestic work. *Gender & Development*, 25-33.
- Arnado, J. (2010). Performances across Time and Space: Drama in the Global Households of Filipina Transmigrant Workers. *International Migration*, 133-154.
- Berger, J. (2014). Word of mouth and interpersonal communication: A review and directions for future research. *Journal of Consumer Psychology*, 24 (4), 586-607.
- Asis, M. (2002). From the Life Stories of Filipino Women: Personal and Family Agendas in Migration. *Asian and Pacific Migration Journal*, 11 (1), 67-93.
- Asis, M. (2006, Enero 1). *The Philippines' Culture of Migration*. Kinuha: Disyembre 11, 2015, mula sa Migration Policy: [goo.gl/wiPAsY](http://goo.gl/wiPAsY)
- Bolante, M. (2014). Master and Servant: Contradictory Roles of Migrant Filipina Domestic Workers. *Asia-Pacific Social Science Review*, 14(2), 162-167.
- Bruner, E.M. (1984). Introduction: The opening up of anthropology Sa S. Plattner & E. M. Bruner, *Text, play, and story: The construction and reconstruction of self and society — 1983 proceedings of the American ethnological society* (pp. 1-16). Princeton, NJ: American Ethnological Society.
- Cortes, P. (2013). The Feminization of International Migration and its Effects on the Children Left Behind: Evidence from the Philippines. *World Development*, 1-17.
- Eastmond, M. (2007). Stories as Lived Experience: Narratives in Forced Migration Research. *Journal of Refugee Studies*, 20(2), 248-264.
- Fernandez, & Krootjes. (2007). Seaman—Invisible Part of the Filipino Diaspora in Europe: Scenarios from Onboard Research . In F. M. Hoegsholm, *In De Olde Worlde: Views of Filipino Migrants in Europe* (pp. 56-82). Siyudad ng Quezon: Philippine Social Science Council and Philippine Migration Research Network.
- Fonner, K. & Roloff, M. (2008). Developing the pre-employment schema: The significance of information about the workplace and emotional support from friends and family. *International Journal of Organizational Analysis*. 16(4), 212-231.
- Grandey, A. A. (2000). Emotional regulation in the workplace: A new way to conceptualize emotional labor. *Journal of occupational health psychology*, 5(1), 95.
- Higgins, E.T. (1992). Achieving 'Shared Reality' in the Communication Game: A Social Action that Creates Meaning. *Journal of Language and Social Psychology*, 11(3), 107-131.
- Hosoda, N. (2008). Connected Through "Luck": Samarnon Migrants in Metro Manila and the Home Village. *Philippine Studies*, 56 (3), 313-344.
- International Labor Organization. (2013, October 25). Household Service Workers Act. *Official Gazette*.
- International Organization for Migration. (2013). *Country Migration Report in the Philippines*. Makati: International Organization for Migration.
- Lan, P. (2003). Maid or Madam? Filipina Migrant Workers and the Continuity of Domestic Labor. *Gender & Society*, 17 (2), 187-208.

- Lan, P. C. (2006). *Global cinderellas: Migrant domestics and newly rich employers in Taiwan*. Durnham and London: Duke University Press.
- Manzano, J. (2014). (Ini)lihim sa Dagat: Mga Salaysay ng Pagsubok at Pakikibaka ng mga Pilipinong Seaman. *Daluyan*, 117-138.
- Maritime Industry Authority. (2013). *The Philippine Maritime Industry: Prospects and Challenges in 2013 and Beyond*. Manila: MARINA Planning and Policy Office.
- McKay, S. (2007). Filipino Sea Men: Constructing Masculinities in an Ethnic Labour Niche. *Journal of Ethnic and Migration Studies*, 33 (4), 617-633.
- McKay, S. (2010). 'So They Remember Me When I'm Gone': Remittances, Fatherhood, and Gender Relations of Filipino Male Migrants. *Conference on Transnational Labour Migration, Remittances, and the Changing Family in Asia*. Asia Research Institute, National University of Singapore.
- Palmes, D. (2013). Buhay-Indo: Suerte-Muerte ng mga Gurong OFW. *Dalumat*, 4 (1-2), 14-33. Philippine Overseas Employment Administration. (2014). *2010-2014 Overseas Employment Statistics*. Mandaluyong: Philippine Overseas Employment Administration.
- Sancho-Liao, N. (2007). 'Clutching a knifeblade' Human rights and development from Asian women's perspective. *Gender & Development*, 31-36.
- Semyonov, M. & Gorodzeisky, A. (2005). Labor Migration, Remittances, and Household Income: A Comparison between Filipino and Filipina Overseas Workers. *International Migration Review*. 39(1), 45-68.
- Siar, S. (2014). Highly Skilled Migrants' Strong Ties with Their Home Country: Evidence from Filipinos in New Zealand and Australia. *International Migration & Integration*, 15, 655-676.
- Tullao, T. (2006). Padalang Salapi ng mga OFW: Nagdadala ng Kabuhayan, Katatagan, at Kaunlaran sa Ekonomiya. *Malay*, 19 (1), 67-87.
- Van der Ham, A., Ujano-Batangan, M., Ignacio, R., & Wolffers, I. (2015). The Dynamics of Migration-Related Stress and Coping of Female Domestic Workers from the Philippines: An Exploratory Study. *Community Mental Health Journal*, 51, 14-20.
- Williams, A., & Balaz, V. (2012). Migration, Risk, and Uncertainty: Theoretical Perspectives. *Population, Space, and Place*, 167-180.